

Buod na Nakasaad sa Simpleng Wika (Plain Language Summary) ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Stanford (Stanford Health Care Financial Assistance Policy)

Pagkuha ng Tulong sa Iyong Bill

Para ito sa kahit na sinong nakakatanggap ng mga serbisyon kinakailangan sa paggamot mula sa Stanford Health Care. Available sa mga wikang Ingles at Spanish ang Plain Language Summary at Financial Assistance Policy para sa pagkuha ng tulong sa iyong bill. Tutulungan ka rin namin sa translation sa iba pang mga wika.

Paano Ako Makakwalipika para sa Tulong Pinansyal?

Maaari kang humingi ng tulong sa iyong bill anumang oras sa panahon ng iyong pagbisita o proseso ng pagsingil. Aalamin namin kung magkano ang iyong utang sa pamamagitan ng pagsusuri sa iyong kita, o iba pang mga napagkukunan. Kung mas mababa sa o katumbas ng 400% ng kasalukuyang Alituntunin sa Kahirapan na Pederal (Federal Poverty Guideline) ang iyong taunang kita, maaaring hindi mo kailanganing bayaran ang iyong bill.

Makikita ang Mga Federal Poverty Guideline sa: <https://aspe.hhs.gov/poverly-gi.tidelines>

Maaari kang makwalipika para sa tulong sa lahat o bahagi ng iyong bill. Nakabatay ang magiging tulong sa isang sliding scale na nagsasaalang-alang sa iyong taunang kita at laki ng iyong pamilya.

Paano Ako Mag-a-apply para sa Tulong Pinansyal?

Upang makakuha ng libreng kopya ng Aplikasyon para sa Stanford Health Care Financial Assistance, Financial Assistance Policy, o ng Plain Language Summary na ito, mangyaring pumunta sa:

www.stanfordhealthcare.org/financialassistance

Maaari kang mag-apply para sa pagkuha ng tulong sa iyong bill nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o online. Maaari kang kumuha ng aplikasyon, plain language summary, o isang kopya ng Financial Assistance Policy sa 2465 Faber Place, Palo Alto, CA, sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-800-549-3720, o sa anumang lokasyon ng Stanford Health Care. Sa ilang sitwasyon, maaari kang makakuha ng tulong mula sa Stanford Health Care nang hindi nag-a-apply.

Mga Dokumento

May pananagutan kang magbigay ng impormasyon sa loob ng takdang panahon tungkol sa iyong mga benepisyo sa kalusugan, kita, mga ari-arian, at anuman pang ibang dokumentong makakatulong na malaman kung kwalipikado ka. Maaaring mga statement mula sa bangko (bank statement), form ng buwis sa kita (income tax form), stub ng tseke (check stub), o iba pang impormasyon ang mga dokumento.

Pangangalagang Pang-Emergency at Kinakailangan sa Paggamot

Kung kwalipikado ka para makakuha ng tulong sa iyong bill, hindi ka na sisingilin para sa pangangalagang pang-emergency o kinakailangan sa paggamot ng mas malaki sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng may insurance sa Medicare,

Mga Aktibidad sa Paniningil

Maaaring padaanin sa isang ahensyang naniningil ang mga bill na hindi pa nabayaran 120 araw pagkatapos ng petsa ng unang pagsingil.

Maaari ka o ang guarantor na mag-apply para makakuha ng tulong sa iyong bill anumang oras sa panahon ng proseso ng paniningil sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento para sa Serbisyo sa Customer (Customer Service Department) sa 1-800-549-3720. Karaniwang hindi naghahabla ng mga pasyente, nagsasagawa ng aksyon laban sa personal na ari-arian o nagkakaltas sa sahod ang Stanford Health Care.